



TUBERKULOSIS (TB) AT ANG *Bakunang BCG*

Maaaring kuwalipikado ka sa mga benepisyong Medi-Cal. Ang mga taong may impeksyon ng TB o may sakit na TB ay maaaring maging kuwalipikado rin sa TB-Cal. Upang malaman kung nararapat kang tumanggap ng mga benepisyo at upang humiling ng pakete ng kaalaman at aplikasyon, mangyaring tumawag sa 1-858-514-6885. Tinatanggap ang mga tawag na “collect.”

Magagawa ba ng mga mikrobyo ng TB na lumaki o lumago kahit na may bakunang BCG?

Oo, libu-libong tao taun-taon ang nagkakaroon pa rin ng TB kahit na tumanggap sila ng bakunang BCG.

Ano ang BCG?

Ang BCG ay kumakatawan sa Bacillus Calmette-Guerin. Ang BCG ay isang bakunang ibinibigay sa maraming bansa upang makatulong sa pagsugpo ng TB. Halos hindi ito ginagamit sa Estados Unidos.

Bakit ako binigyan ng BCG?

Ang BCG ay ibinigay upang mabawasan ang panganib na magkaroon ka ng TB. Mahalaga ang bakunang BCG sa mga batang naninirahan sa mga bansang laganap ang TB. Ito ay nangangalaga sa kanila upang hindi sila magkaroon ng mga malubhang anyo ng sakit na TB.

Ginagawa ba ng BCG na positibo sa TB ang resulta ng pagsusuri sa aking balat?

Maaari. Pero kung maraming taon na ang nakalipas mula nang bakunahan ka o kung nanggaling ka sa isang bansa na maraming taong may TB, ang resultang positibo sa TB ng pagsusuri sa iyong balat ay malamang na mula sa TB, hindi sa iyong BCG.

Ang isa bang taong may bakunang BCG ay maaari pa ring magpasuri ng balat para malaman kung may TB?

Oo, maaari pa ring gawin ang pagsusuri ng balat para malaman kung may TB kahit na tumanggap ka na ng bakunang BCG.

Dapat ko bang sabihin sa aking doktor kung kailan ako tumanggap ng BCG?

Oo, at sabihin sa iyong doktor kung kailan ka tumanggap ng iyong pinakahuling bakunang BCG.